



## UNANG LINGGO NG PAGPAPAKASAKIT

*Misa "Laetare"*

• I cl. • Semidoble • Lila

*Maiksing Pagninilay*

Harmandad de Sagrada Eucaristia  
Latin Mass Society of Cavite ©2021

*Kilusan ng Misang Latin sa Lalawigan ng Cavite*

Comision Para sa Pagsasalin  
DRC, JC, LAdC, JA, MPD

**N**ALALAPIT NA ang mga kaganapan sa dakilang misteryo ng ating katubusan. Isang linggo na lamang, aahon sa bundok ng Kalbaryo ang Mesias upang ibuhos ang kahuli-hulihang patak ng sariling dugo para sa ating kaligtasan. Ang Banal na Simbahan ay itinuturo sa atin ang pagkabulag ng mga Hudyo sa tunay na Mesias. Hindi nila natiis ang mga tagumpay ni Hesus sa Kaniyang panganagaral. Kaya't binalak nilang patayin si Hesus. Si Kristo ang dakilang Pari ng Bagong Tipan na siyang mag-aalay ng sarili sa Diyos Ama para sa kaligtasan ng tao. Sa ganitong paraan, babawiin na ni Hesus ang mga ginagawang paghahain sa Lumang Tipan, bagay na hindi malinis at 'di makalugod sa Diyos.

Ngayong araw, ang mga krus at larawan sa loob ng simbahan ay babalutan ng telang kulay lila, pahiwatig ng kalungkutan ng Simbahan. *Hindi rin aawitin* sa Pambungad na Antipona ang **Gloria Patri** (Luwalhati sa Ama) hanggang sa Misa ng Pasko ng Pagkabuhay. Gayundin naman, nakalagay sa inyong mga Misal o sa librito ng Misa na hindi sasabihin ang buong Salmo na "**Judica me**" (Iggawad mo sa akin) kundi ang *antipona* lamang.

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 43:1-2

JUDICA ME, Deus, et discérne causam meam de gente non sancta: ab homine iníquo et dolóso éripe me: quia tu es Deus meus et fortitúdo mea. — *Ps 42:3* Emítte lucem tuam et veritátem tuam: ipsa me de duxérunt et adduxérunt in montem sanctum tuum et in tabernácula tua. *Ant.* Judica me...

- *Hindi aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Diyos)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

QUAESUMUS, omnípotens Deus, familiam tuam propítius réspice: ut, te largiénte, regátur in córpore; et, te servánte, custodiátur in mente. Per Dominum.

*Contra persecutores Ecclesiae:*

**Ecclesiae** tuæ, quaesumus, Dómine, preces placatus admítte: ut, destrúctis adversitatibus et erróribus univérsis, secúra tibi sérviat libertate. Per Dominum...

*vel, pro Papa:*

**Deus**, ómnium fidélium pastor et rector, famulum tuum **N.**, quem pastórem Ecclésiæ tuæ præesse voluísti, propítius réspice: da ei, quaesumus, verbo et exemplo quibus præest proficere; ut ad vitam, una cum grege sibi crédito, pervéniat sempitérnam. Per Dominum.

**IGAWAD MO SA AKIN** ang katarungan, O Diyos, at ipagsanggalang mo ang aking usapin sa isang baying di banal; sa isang mapanlinlang at tampalasan ay iligtas mo ako. Ikaw ang Diyos ko, at siyang aking lakas. — *Salmo 43:3* Isugo mo ang Iyong liwanag at ang Iyong katotohanan: papatnubayan nila ako sa Iyong banal na bundok, at sa Iyong mga templo.

*Ant.* Igawad mo sa akin...

**HINIHING** namin, Diyos na makapangyarihan, lingapin Mo nawa ang iyong angkan. Sa iyong pagpapatnubay kami nawa'y maiadya sa anumang hilig ng katawan, at sa iyong pagsasanggalang, ay maiadya sa anumang daya ng isipan. Alang-alang sa Anak Mo, si Hesukristong Panginoon namin...

*Laban sa mga Kaaway ng Simbahan:*

**Tanggapin** mong malugod ang panalangin ng iyong Simbahan, O Panginoon. Lipulin mo sana ang lahat ng mga kaguluhan at kamalian, upang mapaglingkuran Ka nawa niya sa katiwasayan at kalayaan. Sa pamamagitan...

*o di kaya'y para sa Santo Papa:*

**Diyos Ama**, ikaw ang pastol at pinuno ng tanang mananampalatya. Tunghayan mo sana ang iyong lingkod na si **N.**, na itinalaga mo upang mamuno sa Iyong Simbahan. Ipagkloob mo, na sa kaniyang salita at gawa, patatagin nawa niya ang kalooban ng kawang ipinagkatiwala sa kaniya, at makarating ang tanan sa buhay na walang-hanggan. Sa pamamagitan...

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

ADESTO nobis, Dómine, Deus noster: et, quos tuis mystériis recreásti, perpétuis defénde subsidiis. Per Dominum.

*Contra persecutores Ecclesiae:*

**Quaesumus**, Dómine Deus noster: ut, quos divína tribuis participatióne gaudére; humanis non sinas subjacére perículis. Per Dominum.

*vel, pro Papa:*

**Haec nos**, quaesumus, Dómine, divini sacraménti percéptio próteget: et famulum tuum **N.**, quem pastórem Ecclésiæ tuæ præesse voluísti; una cum commísso sibi grege, salvet semper, et múniat. Per Dominum.

**PAKINGGAN MO** kami, Panginoon naming Diyos. Ang mga pinalakas mo ng iyong mga misteryo ay ipagtanggol mo sa pamamagitan ng tulong na walang-hanggan. Alang-alang sa Anak Mo, si Hesukristong Panginoon namin...

*Laban sa mga Kaaway ng Simbahan:*

**Panginoon** naming Diyos, huwag Mo sanang hayaang malupig ng anumang kaaway ang mga niloob Mong tumanggap at nakibahagi sa iyong mga banal na sakramento. Sa pamamagitan...

*o di kaya'y para sa Santo Papa:*

**Panginoon**, kaming tumanggap ng banal mong sakramento ay lagi mo sana kaming ipagsanggalang at iligtas kasama ni **N.**, na iyong lingkod, na siyang hinirang Mo upang pamunuan ang Iyong Simbahan, kasama ng kawang ipinagkatiwala mo sa kaniya. Sa pamamagitan...

## PREPASYO NG BANAL NA KRUS

**VERE DIGNUM** et iustum est, æquum et salutäre, nos tibi semper et ubique grätias ägere: Dómine sancte, Pater omnipotens, ætérne Deus.

Qui salútem humáni géneris in ligno Crucis constituísti: ut, unde mors oriebátur, inde vita resúrgeret: et, qui in ligno vincébat, in ligno quoque vincerétur: per Christum, Dóminum nostrum.

Per quem maiestátem tuam laudant Angeli, adórant Dominatiónes, tremunt Potestátes.

Cæli cælórúmque Virtútes, ac beáta Séraphim, sócia exsultatióne concélebrant.

Cum quibus et nostras voces ut admítte iúbeas, deprecámur, súplici confessióne dicéntes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus...**

### ANTIPONA SA KOMUNYON • 1 Cor 11:24-25

**HOC** corpus, quod pro vobis tradétur: hic calix novi Testaménti est in meo ságuine, dicit Dóminus: hoc fácite, quotiescúmque súmitis, in meam commemoratiónem.

**TUNAY NGANG MARAPAT** at matuwid, angkop at nakakagaling, na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan:

Sapagkat sa itinakda mo na ang kaligtasan ng sangkatuhan ay maganap sa kahoy ng Krus, upang ang pinagmulan ng kamatayan ay magdulot sa amin ng buhay, at ang nanaig sa kahoy ay madaig naman sa krus, alang-alang kay Kristong aming Panginoon.

Kaya sa pamamagitan niya, ang makapal na mga anghel sa kalangitan, nagpupuri kasama ng mga Dominasyon at Potesdad ay nagpupuri at sumasamba sa iyong kamahalan.

Nagbubunyi rin ang mga hukbo ng langit at ang mga Serapin ay kaisa nilang nagpupuri sa Iyo.

Kaya kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

**ITO** ang Aking Katawan, na ihahandog para sa inyo: ito ang kalis ng Bagong Tipan ng aking dugo, sabi ng Panginoon. Tuwing gagawin ninyo ang mga bagay na ito, gawin ninyo ito bilang pag-aalaala sa akin.

## SULAT • Heb 9:11-15

Pagbasa mula sa sulat sa mga taga-Hebreo.

**MGA KAPATID:** Dumating na si Cristo, ang Pinakapunong Pari ng mabubuting bagay na narito na. At siya'y naglilingkod doon sa sambahang higit na dakila, walang katulad at hindi ginawa ng tao. Ang sambahang iyon ay wala sa sanlibutang ito. Minsan lamang pumasok si Cristo sa Dakong Kabanal-banalan, at iyo'y sapat na. Hindi dugo ng mga kambing at guya ang kanyang inihandog, kundi ang sarili niyang dugo, upang magkaroon tayo ng walang hanggang kaligtasan. Kung ang dugo ng mga kambing at toro, at ang abo ng dumalagang baka ang iwiniwisik sa mga taong itinuturing na marumi upang sila'y luminis ayon sa Kautusan, higit ang nagagawa ng dugo ni Cristo! Sa pamamagitan ng walang hanggang Espiritu, inialay niya sa Diyos ang kanyang sarili bilang handog na walang kapintasan. Ang kanyang dugo ang lumilinis sa ating mga budhi sa mga gawang walang kabuluhan upang tayo'y makapaglingkod sa Diyos na buháy. Kaya nga, si Cristo ang tagapamagitan ng bagong tipan. Sa pamamagitan ng kanyang kamatayan, ipinatawad ang paglabag ng mga tao noong sila'y nasa ilalim pa ng naunang tipan. Dahil dito, makakamtan ng mga tinawag ng Diyos ang walang hanggang pagpapala na kanyang ipinangako. — **R.** Salamat sa Diyos.

### PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 142:9-10; Ps 17:48-49

**ERIPE** me, Dómine, de inimícis meis: doce me fácere voluntátem tuam.

**V.** Liberátor meus, Dómine, de géntibus iracúndis: ab insurgéntibus in me exaltábis me: a viro iníquo erípies me.

**ILIGTAS** mo ako sa aking mga kaaway, Panginoon. Ituro mo sa akin ang iyong kalooban.

**V.** Ikaw ang tagapagligtas ko, Panginoon, mula sa bayang masasama. Itataas mo ako sa mga bumabangon laban sa akin; iligtas mo ako sa masamang tao.

### TRACTO • Ps 128:1-4

**SAEPE** expugnávérunt me a juventúte mea.

**V.** Dicat nunc Israél: sæpe expugnávérunt me a juventúte mea.

**V.** Etenim non potuérunt mihi: supra dorsum meum fabricávérunt peccatóres.

**MADALAS** na ako'y kinalaban nila mula sa aking katabaan.

**V.** Sabihin ngayon ng Israel, madalas na ako'y kinalaban nila mula sa aking kabataan.

**V.** Hindi sila nanaig laban sa akin, ang mga makasalana'y nangibabaw sa akin.

*V.* Prolongavérunt iniquitátes suas: Dóminus justus cóncidit cervíces peccatórum.

*V.* Tinagalan nila ang kanilang kasamaan, kaya't ang leeg ng mga makasalana'y pinutol ng Panginoon.

#### EBANGHELIO • Jn 8:46-59

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Juan.

**N**OONG PANAHONG IYON: Sinabi ni Hesus sa mga Hudyo: “Sino sa inyo ang maaring magpatunay na ako'y nagkasala? At kung katotohanan ang sinasabi ko, bakit ayaw ninyong maniwala sa akin? Ang mula sa Diyos ay nakikinig sa mga salita ng Diyos, subalit ayaw ninyong makinig sa akin sapagkat kayo'y hindi mula sa Diyos.” Sinabi ng mga Judio kay Jesus, “Hindi ba tama ang sinabi naming ikaw ay Samaritano at sinasapian ng demonyo?” \* Sumagot si Jesus, “Hindi ako sinasapian ng demonyo. Pinaparangalan ko ang aking Ama ngunit ako'y nilalapastangan ninyo. Hindi ako naghahangad na ako'y parangalan; may isang nagsisikap na ako'y parangalan, at siya ang hahatol. Pakatandaan ninyo: ang tumutupad ng aking salita ay hindi mamamatay kailanman.” \* Sinabi ng mga Judio, “Ngayo'y natitiyak naming sinasapian ka nga ng demonyo. Namatay si Abraham at ang mga propeta, ngunit sinasabi mong hindi mamamatay kailanman ang sinumang tumutupad ng iyong aral. Mas magaling ka pa ba kaysa sa aming amang si Abraham? Siya'y namatay, gayundin ang mga propeta. Ano ba ang palagay mo sa iyong sarili?” \* Sumagot si Jesus, “Kung ako ang nagpaparangal sa aking sarili, walang kabuluhan iyon. Ang nagpaparangal sa akin ay ang aking Ama na sinasabi ninyong Diyos ninyo. Hindi ninyo siya kilala, ngunit siya'y kilala ko. Kung sasabihin kong hindi ko siya kilala, ako'y magiging sinungaling na tulad ninyo. Subalit kilala ko siya at tinutupad ko ang kanyang salita. Natuwa ang inyong amang si Abraham nang malaman niyang makikita niya ang araw ng aking pagdating. Nakita nga niya ito at siya'y nagalak.” \* Dahil dito'y sinabi sa kanya ng mga Judio, “Wala ka pang limampung taong gulang, paano mo masasabing nakita mo na si Abraham?” \* Sumagot si Jesus, “Pakatandaan ninyo: bago pa ipinanganak si Abraham, ‘Ako ay Ako Na’.” \* Nagsidampot sila ng bato upang siya'y batuhin, ngunit nagtago si Jesus at lumabas ng Templo. — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *May Credo o Sumasampalataya*

#### ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 134:3, 6

CONFITEMINI Dómine, in toto corde meo: retríbuere servo tuo: vivam, et custódiám sermónes tuos: vivífica me secúndum verbum tuum, Dómine.

**PUPURIHIN** kita, Panginoon, ng buong puso. Gantimpalaan mo ang iyong lingkod. Ako'y mabubuhay at tutuparin ang Iyong mga utos. Buhayin mo ako, Panginoon, ayon sa iyong salita.

#### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

HAEC MUNERA quæsumus Dómine, ei víncula nostræ pravitátis absólvant, et tuæ nobis misericórdiæ dona concíliant. Per Dóminum.

*Contra persecutores Ecclesiae:*

**Protégé** nos, Dómine, tuis mystériis serviéntes: ut divínis rebus inhæréntes, et córpore tibi famulémur, et mente. Per Dominum.

*vel, pro Papa:*

**Oblatis**, quaesumus, Dómine, placare munéribus: et famulum tuum **N.**, quem pastorem Ecclésiæ tuæ præesse voluísti, assídua protectióne guberná. Per Dominum.

**INIAAMO** namin sa Iyo, Panginoon, na ang aming pagkakatali sa kasamaan, ay kalagan mo sana sa pamamagitan ng mga alay na ito. Kasihan nawa kami ng mga biyaya ng iyong awa. Alang-alang kay Hesukristong Panginoon namin...

*Laban sa mga Kaaway ng Simbahan:*

**Ipagsanggalang** mo kami, Panginoon, na naglilingkod sa dambana upang ganapin ang iyong mga misteryo. Itulot mong tumangan kami sa mga bagay na makalangit upang mapaglingkuran ka namin sa katawan at kaluluwa. Sa pamamagitan...

*o di kaya'y para sa Santo Papa:*

**Malubag** nawa ang Iyong kalooban, Panginoon, dito sa aming mga alay ng pakikipagkasundo. Sa iyong walang patid na pagpapatnubay, gabayan mo ang iyong lingkod na si **N.** na siyang hinirang mo bilang pastol ng Iyong Simbahan. Sa pamamagitan...